# {Ang mahusay sa Qur'ān ay kasama ng mga tagapagtalang mararangal na mabubuting-loob. Ang nagbabasa ng Qur'ān at nauutal-utal dito habang siya rito ay nahihirapan ay magkakamit ng dalawang pabuya.}

Ayon kay `À'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ang mahusay sa Qur'ān ay kasama ng mga tagapagtalang mararangal na mabubuting-loob. Ang nagbabasa ng Qur'ān at nauutal-utal dito habang siya rito ay nahihirapan ay magkakamit ng dalawang pabuya.}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta na ang nagbabasa ng Qur'ān habang siya ay magaling sa pagkakasaulo, nagpakadalubhasa rito, mahusay, at sanay sa pagbasa nito, ukol sa kanya mula sa gantimpala sa Kabilang-buhay, na ang katayuan niya ay maging kasama ng mga anghel na tagapagtalang mararangal na mabubuting-loob. Ang nagbabasa ng Qur'ān, nauutal-utal dito, at nag-aatubili sa pagbigkas niya dahil sa kahinaan ng pagkakasaulo niya – habang siya sa kabila niyon ay nagmamalasakit dito samantalang ito sa kanya ay matindi at mahirap – ukol sa kanya ay dalawang pabuya: isang pabuya dahil sa pagbigkas at isang pabuya para sa hirap at pag-aatubili niya sa pagbigkas niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee